**SANDALI NG PAGSUKO**
**(Banal na Sandali, Ika - 2 Bahagi)**
**The Lord's Flock Worship Service Topic**
ni: Fr. Alex Balatbat
Disyembre 16, 2025

Ang sandali ng pagsuko ng Mahal na Birheng Maria ay naganap noong ipinahayag ni Anghel Gabriel ang plano ng Diyos sa kanya, at tumugon siya na may **GANAP NA PAGSUNOD** sa pamamagitan ng pagtugon ng "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi." (Lk. 1:26–38).




Ang pagsunod sa Diyos ay kadalasang masakit at mapaghamon dahil kailangang bitawan ang pagkontrol at magtiwala sa Diyos huwag sa sariling kakayahan. Ngunit, bakit madali para kay Maria ang sumunod sa Diyos? Ang kanyang pagsunod ay tungo sa ganap na pagsuko dahil sa kanyang matibay na pananalig, malalim na relasyon, at dakilang pag-ibig niya sa Diyos.

1. **Alam ni Maria na mahal siya ng Diyos.**

   **1.1** Madaling sumunod kung alam nating mahal tayo dahil nakatitiyak tayo na ang taong ito ay hindi tayo sasaktan.
   **1.2** Alam ni Maria na mahal siya ng Diyos, hindi lamang sa puso kundi ang buong niyang pagkatao, na ang pagsunod ay pagtitiwala at pagmamahal sa halip na obligasyon.
   **1.3** Kung alam natin na mahal na mahal tayo ng Diyos hindi lamang sa ating isip kundi sa ating pamumuhay, ang pagsunod ay magiging masaya at mapagtiwalang tugon.
   **1.4** Gaya ni Maria, tinawag tayong sumunod sa Diyos na may pagtitiwala, na may paniniwalang ang Kanyang kalooban ay nagdadala sa atin ng buhay, at kabutihan.

2. **May malalim na relasyon si Maria sa Diyos.**

   **2.1** Ang malalim na relasyon sa Diyos ay lumalago sa katahimikan dahil ang banal na patnubay hindi palaging maingay; palagi itong nararamdaman sa malumanay na tibok ng puso.
   **2.2** Handa ang puso ni Maria sa katahimikan na lumilikha ng espasyo para sa tinig ng Diyos na naririnig sa pamamagitan ng mga hindi nasasabi. Ang katahimikan ay may isinisigaw; ito ay puspos at palaging naghahayag ng higit pa sa sinasabi.
   **2.3** Kung tahimik ang ating puso, mas naririnig natin ang tinig ng Diyos. Naitatatag natin ang koneksyon sa Diyos, para marinig, magtiwala, at tumugon sa kanya na may pananampalataya.

3. **Dakila ang pag-ibig ni Maria sa Diyos.**

   3.1 Kung may mahal tayo, natural na makikinig tayo, at kung tayo'y nakikinig, madali ang sumunod. Ang pagsunod ni Maria ay hindi dahil sa takot – nagmumula ito sa pagmamahal.
   3.2 Kung lumalalim ang pagmamahal natin sa Diyos, nagiging natural na ang pagsunod sa halip na pakikipaglaban.

4. **May matibay na pananalig si Maria.**

   4.1 Naka-ugat sa pananalig ang pagsunod ni Maria. Sumusunod si Maria sa Diyos hindi dahil alam niya ang lahat, kundi dahil naniniwala siya sa Diyos, at ang kanyang pagsunod ay tugon na may pagmamahal sa Diyos.

   4.2 Ang pagsunod na may pananalig ay hindi dahil sa ganap na pang-unawa kundi pagtitiwala sa Diyos maski sa kawalan ng katiyakan.

5. **Sumuko si Maria sa Diyos.**

   **5.1** Inialay ni Maria ang kanyang isip, puso, katawan, at kinabukasan sa Diyos. Tinanggap niya ang paghihirap, hindi pagkakaunawaan, at matinding pasakit dahil sa pagsunod sa Kanyang kalooban.
   **5.2** Hindi niya inisip ang kahihiyan at ang paghatol ng mga tao, sa paniniwala na gagawin Niyang biyaya ang mga ito.
   **5.3** Kung ganap ang tiwala natin, magagawa Niyang "maganda" ang "hindi maganda."

**Konklusyon:**
Ang sandali ng pagsuko sa Diyos ay ang pagsasabi ng *"Yes, Lord,"* – oras na pagbitiw natin at hinayaan ang Diyos na kumilos sa ating buhay; ang pagsunod ay pagpapakita sa ating "Yes, Lord" sa araw-araw.

**Pagninilay:**
Sa anong bahagi ng iyong buhay ang nahihirapan kang sumunod sa Diyos? Bakit?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
Na-Edit na: Vera I. Tuplano
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #PagsukoSaDiyos; #Pagsunod; #Pagbitiw&HayaanAng Diyos